# BALITANG WIN

BALITA, OPINYON AT SERBISYO NI SENATOR WIN GATCHALIAN

Isyu 4 | Enero 2019 www.WinGatchalian.com | WinGatchalian74


# SA EDUKASYON, LAHAT SAMA-SAMA

## BAWAT KABATAAN MAY ACCESS SA LIBRENG MATRIKULA



**SAMA-SAMA.** Magkakasama ang mga estudyante, guro, mga opisyal ng paaralan at Commission on Higher Education sa pangunguna ni Commissioner Prospero De Vera, at si Senator Win Gatchalian (gitna) sa ginanap na Nationwide Information Caravan sa Muntinlupa City, 15 Hulyo 2018.

## BUHAY SA SENADO

Bilang tagasulong ng Free Higher Education, napakasarap sa pakiramdam na makamit ang tila noon ay imposibleng maabot na pangarap nating lahat—ang makaranas ang mga kabataang Filipino ng libreng matrikula sa kolehiyo sa buong bansa sa pamamagitan ng naisabatas na Republic Act No. 10931 o ang Universal Access to Quality Tertiary Education Act noong Agosto 3, 2017.

Sa mahigit 15 taong panunungkulan ko bilang Mayor at Congressman ng Lungsod Valenzuela, nakita ko ang bawat hamon sa mga mag-aaral tulad ng kawalan ng pamasahe, pambaon, pambili ng school supplies pati na ang problema sa pambayad ng inuupahang bahay dahil inilalaan para sa enrollment. Hindi ko makakalimutan ang pinagdaanan ng batas na ito—marami ang nagduda, hindi naniwala at tinawanan lamang ang panukalang batas na House Bill No. 5905 o mas kilala bilang Free Higher Education Act dahil akala nila ay suntok sa buwan lamang ang adhikaing ito.

Hindi kailanman mabubura sa aking isipan ang Free Higher Education Act dahil habang ginagawan namin ito ng konsepto, dumaan sa butas ng karayom ang pagkuha ng datos at impormasyon para lamang makumpleto ang balangkas nito. Maraming pinagdaanan, ngunit narito tayo ngayon, naipaglaban at natupad ang akala ng iba ay imposibleng mangyari.

Hindi maikakailang may ilan pa ring pagsubok ang kinahaharap ngayon, ngunit dala ng pagtutulungan ng gobyerno at mga kolehiyo, unti-unti itong nagagawan at patuloy na ginagawan ng solusyon.

**Pribadong Institusyon**

Isa na rito ang concern ng isang private school na ibinahagi noong Nationwide Information Caravan na inorganisa ng Commission on Higher Education o CHED na ginanap sa Lungsod Muntinlupa noong Hulyo 2018. Nangangamba sila na maaaring tuluyang bumaba ang bilang ng enrollment, kumonti ang kanilang mga estudyante at mawalan ng teaching load ang mga guro dahil maglilipatan ang mga ito sa state universities at colleges (SUCs) o sa local universities at colleges (LUCs).

Nais nating maiparating na hindi po intensyon ng batas na magkabanggaan ang private at public schools, sa halip ay pinupunan dapat ng dalawa ang mga pangangailangan ng komunidad o rehiyon na kanilang pinagsisilbihan. Tamang balanse ang kailangan para magampanan ang kanilang mandato na magbigay ng karunungan para sa bayan.

Sa batas na ito, mayroong apat na programang mapagpipilian ang isang nagnanais na makapagtapos ng pag-aaral: (1) Tertiary Education Subsidy, (2) Student Loan Program, (3) Free Technical-Vocational Education and Training at (4) Free Higher Education.



**MANDATO.** Sinasaksihan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang paglalagda ng Memorandum of Agreement (MOA) para sa pagpapatupad ng Universal Access to Quality Tertiary Education Act (R.A. No. 10931) sa pagitan ng Commission on Higher Education (CHED) at ng mga kinatawan ng 112 SUCs and 78 LUCs sa Palasyo ng Malacanan, 13 Hunyo 2018. Kasama ng pangulo sina (mula kaliwa) Albay Second District Rep. Jose Salceda at Senator Win Gatchalian. *Litrato ng UniFAST/CHED*

Ang **Tertiary Education Subsidy** na kabilang sa Implementing Rules and Regulations o IRR ay nakalaan at nakadisenyo para sa mga estudyanteng naka-enroll sa private school na makakatanggap ng P60,000 kada taon. Samantala, ang **Student Loan Program** ay daan para makakuha ng education loan sa mga bangko ang mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, makakatanggap naman ng libreng **Technical-Vocational Education and Training** sa 2019 ang enrollees na may National Certificate I, II o III sa anumang private o public technical-vocational institution na rehistrado sa TESDA.

Sa **Free Higher Education** naman, tulad ng orihinal nating plano, ay nakalaan para sa libreng tuition at miscellaneous fees ng mga estudyante ng SUCs at LUCs.

Narito ang listahan ng miscellaneous fees:

| | |
|---|---|
| Admission Fee | Handbook Fee |
| Athletic Fee | Laboratory Fee |
| Computer Fee | Library Fee |
| Cultural Fee | Medical and Dental Fee |
| Development Fee | Registration Fee |
| Entrance Fee | School ID Fee |
| Guidance Fee | At iba pang katulad na bayarin |

**Return Service Agreements**

Bilang karagdagang hakbang sa paghubog ng karakter ng mag-aaral, isasabay sa Free Higher Education ang Return Service Agreements na itatakda ng SUCs at LUCs. Ang layunin nito ay magamit nang wasto ang libreng oras ng estudyante sa mga kapaki-pakinabang na gawain sa loob ng kanilang

*Buhay Sa Senado, sundan sa pahina 2 >*

***Buhay Sa Senado: Sa Edukasyon, Lahat Sama-Sama***




**PULSONG LOKAL.** Magkasamang dininig nina Senator Win Gatchalian at Senate Ways and Means Committee Chair Senator Sonny Angara ang mga saloobin ng local universities and colleges (LUCs) sa ginanap na Association of Local Colleges and Universities (ALCU) National Convention sa Mandaluyong City, 23 Abril 2018.

paaralan gaya ng pag-assist sa mga charity o community outreach program at ang maging student assistants tuwing enrollment period.

Tulad nga ng sinabi ni CHED Commissioner Prospero De Vera, espesyal na polisiya ang libreng edukasyon sa kolehiyo sa ating bansa, kaya naman masinsinang pagpupulong, pag-oobserba, pagsasaliksik, pag-aaral at deliberasyon ang kinailangan para maging pulido ang nilalaman ng IRR na inilabas noong Marso 2018 at ng iba pang mahahalagang detalye tungkol sa batas.

Isa ito sa mga prayoridad ng inyong lingkod. Kaya sisiguraduhin ng ating gobyerno na may sapat na pondo ang programa para patuloy na maipatupad ang batas sa mga susunod pang taon.

Ngayong 2019, inaasahan natin ang full implementation nito kung saan makukumpleto na ang lahat ng guidelines ng programa para sa School Year 2019-2020. Inaasahan din natin ang matagumpay na pagtutulungan at pagkakaisa ng Unified Financial Assistance System for Tertiary Education Act (UniFAST) Board upang matugunan ang kanilang tungkulin. Higit sa lahat, mananatili tayong tutok sa pagpapabuti ng kalidad ng sistema ng edukasyon sa bansa at patuloy na kayo ay babalitaan sa anumang karagdagan o bagong inisyatibo, plano, proyekto o pagpapatupad kaugnay sa batas.

Ang aking naipangako noong ako ay tumakbo para senador ay siyang naipatupad. Ito ang kauna-unahang panukalang batas na aking naipasa kasama ng aking kapwa mambabatas mula nang maupo noong 2016. Ang dating puno ng plano at pagsasaliksik, ngayon ay realidad na alang-alang sa kinabukasan ng mga kabataang Filipino, kaya naman sama-sama at patuloy po nating suportahan ang adhikaing ito.

Para sa mas kumpletong detalye ng nilalaman ng IRR, maaari pong bisitahin ang www.ched.gov.ph. #

*Senator Win Gatchalian*

# BATAS ANG MAGPAPANALO

Sinisikap ni Senator Win na hindi lumiban sa mga Senate regular sessions at dumalo sa mga pagdinig at pagpupulong hindi lamang sa Committee on Energy at Committee on Economic Affairs kung saan siya ay chairman, kundi maging sa iba pang committee na siya ay vice chairman at miyembro. Hanggang sa abot ng kanyang makakaya, sisiguraduhin niyang laging umuusad ang mga lehislasyong kanyang ipinaglalaban hanggang sa maisabatas ang mga ito.

**ATTENDANCE NI SENATOR WIN SA SENATE PUBLIC HEARINGS/MEETINGS/BICAM MULA 1ST HANGGANG 3RD REGULAR SESSION NG IKA-17 KONGRESO:**

| SENATOR | 1ST | 2ND | 3RD | TOTAL |
|---|---|---|---|---|
| GATCHALIAN, WIN | 88 | 78 | 54 | 220 |

**ATTENDANCE NI SENATOR WIN SA IKATLONG REGULAR SESSION NG 17TH CONGRESS MULA HULYO 23, 2018 - PEBRERO 8, 2019:**

| TOTAL NUMBER OF SESSIONS | TOTAL NUMBER OF DAYS PRESENT |
|---|---|
| 54 | 50 |

**BILANG NG MGA ISINUMITENG PANUKALANG BATAS (BILLS) NI SENATOR WIN:**

| | |
|---|---|
| TOTAL NUMBER OF BILLS FILED IN THE SENATE | 102 |

## MGA NAISABATAS NA PANUKALA SA LOOB NG MAHIGIT DALAWANG TAONG PANUNUNGKULAN SA SENADO NI SENATOR WIN:

### AUTHORED BILLS: 9

| | | |
|---|---|---|
| REPUBLIC ACT 10963<br>TAX REFORM FOR ACCELERATION AND INCLUSION ACT<br>DISYEMBRE 2017 | REPUBLIC ACT 11055<br>PHILIPPINE IDENTIFICATION SYSTEM ACT<br>AGOSTO 2018 | REPUBLIC ACT 11053<br>ANTI-HAZING ACT OF 2018<br>HUNYO 2018 |
| REPUBLIC ACT 10969<br>FREE IRRIGATION SERVICE TO SMALL FARMERS ACT<br>PEBRERO 2018 | REPUBLIC ACT 10931<br>UNIVERSAL ACCESS TO QUALITY TERTIARY EDUCATION ACT<br>AGOSTO 2017 | REPUBLIC ACT 11039<br>ELECTRIC COOPERATIVES EMERGENCY AND RESILIENCY FUND ACT<br>HULYO 2018 |
| REPUBLIC ACT 11202<br>MOBILE NUMBER PORTABILITY ACT<br>PEBRERO 2019 | REPUBLIC ACT 11199<br>SOCIAL SECURITY ACT OF 2019<br>AGOSTO 2017 | REPUBLIC ACT 11203<br>RICE TARIFFICATION ACT<br>PEBRERO 2019 |

### CO-AUTHORED BILLS: 8

| | | | |
|---|---|---|---|
| REPUBLIC ACT 11057<br>PERSONAL PROPERTY SECURITY ACT<br>AGOSTO 2018 | REPUBLIC ACT 10968<br>THE PHILIPPINE QUALIFICATIONS FRAMEWORK ACT<br>ENERO 2018 | REPUBLIC ACT 11040<br>LAPU-LAPU DAY OR ADLAW NI LAPU-LAPU<br>HULYO 2018 | REPUBLIC ACT 11035<br>BALIK SCIENTIST ACT<br>HUNYO 2018 |
| REPUBLIC ACT 11148<br>KALUSUGAN AT NUTRISYON NG MAG-NANAY ACT<br>NOBYEMBRE 2018 | REPUBLIC ACT 11037<br>MASUSTANSYANG PAGKAIN PARA SA BATANG PILIPINO ACT<br>HULYO 2018 | REPUBLIC ACT 11223<br>UNIVERSAL HEALTH CARE ACT<br>PEBRERO 2019 | REPUBLIC ACT 11215<br>NATIONAL INTEGRATED CANCER CONTROL ACT<br>PEBRERO 2019 |

# LIBO-LIBONG NASUNUGAN SA JOLO, TINULUNGAN



**EVACUATION CENTER.** Pangangamusta ni Senator Win at mga opisyal sa mga nasunugan na pansamantalang nanatili sa isang evacuation center.

Isang malawak na sakuna ang tumupok sa napakaraming kabahayan sa tatlong barangay sa Jolo, Sulu noong Hulyo 24, 2018. Wala mang nasawi sa tala ng mga otoridad, aabot naman sa 3,120 pamilya o nasa 19,984 katao ang naapektuhan nito.

Hindi nag-atubili si Senator Win Gatchalian at ang Pamahalaang Lungsod Valenzuela na makiramay at magpaabot ng tulong. Mayroong 937 sako ng bigas na may halagang ₱ 1.5 milyon ang natanggap ng mga biktima.

Sa pagbisita ni Senator Win duon, naging kapansin-pansin ang positibong pananaw ng mga residente na maisaayos muli ang kanilang mga tahanan at pamumuhay.



**COURTESY CALL.** Kasama ni Jolo Mayor Kerkhar Tan (nakaputi) sa kanyang opisina sina Senator Win, Valenzuela City Vice Mayor Lorie Natividad Borja (pangatlo mula kanan), Valenzuela City Social Welfare Development Office (CSWDO) head Dorothy Evangelista (pangalawa mula kanan), at iba pang lokal na opisyal.



**GROUND ZERO.** Dinalaw ni Senator Win ang Brgy. Bus-bus na pinangyarihan ng sakuna. Nagpaabot ng pakikiramay at tulong ang mambabatas para sa komunidad, 4 Agosto 2018.

# SAMA-SAMANG PAGTULONG PARA SA PAGBANGON SA ITOGON



**VALENZUELA CARES.** Nagpaabot ang Pamahalaang Lungsod Valenzuela ng ₱2.5 milyong tulong pinansyal para sa naiwan ng mga nasawi at dagdag na ₱500,000 para sa lokal na pamahalaan, 12 Okt. 2018.

Taos-pusong pinasalamatan ni Itogon Mayor Victorio Palangdan at mga lokal na opisyal ang lahat ng nakiramay at tumulong sa kanilang bayan sa Benguet nang tamaan sila ng mga landslide noon kasagsagan ng tag-ulan. Pinakamalubha rito ang pagguho ng lupa na epekto ng Bagyong Ompong.



**UNINHABITABLE.** Iniutos ng Office of Civil Defense na hindi na maaaring tirahan ang ilang sitio duon tulad ng Level 070, First Gate, Columbia, bahagi ng Luneta at Simot-simot dahil sa peligro ng pagguho pa ng lupa.




**RELOKASYON.** Umaksyon din ang National Housing Authority at agad itong naglabas ng pondo para sa relokasyon ng mga apektadong residente. Nakiisa rin si Senator JV Ejercito at nagpaabot ito ng ₱1 milyong pinansyal na tulong.

# TULONG-AKSYON SA LANDSLIDE SA NAGA CITY, CEBU




**GROUND ZERO.** Tinungo ni Senator Win ang mismong pinangyarihan ng landslide sa Naga City, Cebu, 6 Okt. 2018, kasama ang mga kawani ng Local Disaster Risk Reduction and Management Office para pisikal na maunawaan ang sakuna at mga pag-aksyon na ginawa.

Nagimbal ang bansa dahil ilan araw lang matapos ang landslide sa Itogon, Benguet, isa pang trahedya ang naganap sa Naga City, Cebu, 20 Sept. 2018. Aabot ng may 80 ektarya ang sakop ng guho na lumamon ng mga tahanan at kumitil ng marami. Hindi nag-atubili ang Pamahalaang Lungsod Valenzuela na maghatid ng ₱2.5 milyong tulong para sa mga biktima at apektadong residente.



**BRIEFING.** Nagkaroon din ng pagkakataong makaugnayan ng mambabatas sina Naga City Mayor Kristine Chiong at mga lokal na opisyal ng Mines and Geosciences Bureau sa isang pagpupulong sa Naga City Hall Cebu.



**TULONG PINANSYAL.** Umabot sa 72 ang patay at 11 ang nawawala dahil sa trahedya. DInalaw ni Senator Win, Valenzuela City Coun. Ramon Encarnacion at Valenzuela CSWDO head Dorothy Evangelista ang ilan sa mga nagsilikas, 5 Okt. 2018, para maiparating ang tulong pinansyal mula Valenzuela City Government.

# PANALONG BALITA

Sa loob o labas man ng Senado, pinagsusumikapan ni Senator Win Gatchalian ang kanyang mandato na paglingkuran ang taumbayan sa pamamagitan ng mga polisiyang pinag-aralan, sinaliksik at ikinunsulta sa mga sektor ng lipunan.

Bukod dito, kanya pa ring pinaglalaanan ng panahon ang mga kababayan na sila ay sadyain upang alamin ang pulso ng kanilang mga hinaing at pangangailangan.

Narito ang ilang highlights ng mga nagdaang buwan:



## BATIKANG ENTREPRENEUR SA ASYA

Binisita ni AirAsia founder Tony Fernandes si Senator Win sa kanyang opisina para pag-usapan ang ilang polisiya at reporma para sa bansa, 14 Nob. 2018.




## FEDERALISM WORKSHOP

Kasama ang mga kinatawan sa Comparative Practices on Federalism workshop ng Department of the Interior and Local Government at Konrad Adenauer Stiftung sa Lungsod Makati, upang pag-aralan ang mga ideya mula India, Kenya at South Africa, 7 Set. 2018



## RESERVIST WEEK

Kasama ang mga pinakamahuhusay at magiging na reservist sa pagtatapos ng 39th National Reservist Week sa Armed Forces of the Philippines (AFP) headquarters sa Lungsod Taguig, 22 Set. 2018.



## ANTI-HUMAN TRAFFICKING

Pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor sa loob at labas ng bansa noong 4th Manila International Dialogue on Human Trafficking sa Pasay City, 12 Hulyo 2018.

# PULSO ONLINE

## KOMENTONG NAKALAP, DAAN SA PAKIKIPAG-USAP

Sa bawat inilalabas na balita, opinyon at serbisyo ni Senator Win, binibigyan niya ng kahalagahan ang ating saloobin, reaksyon at suhestiyong iniiwan gamit ang social media. Maraming salamat sa inyong mga mensahe!

### PAGPOPROTEKTA AT PAGBIBIGAY-SEGURIDAD SA SEKTOR NG ENERHIYA

**Granny Goo** Maunlad na sana ang ating bansang Pilipinas kung ang mga Politicians natin ay kagaya mo Senator Win na gumagawa ng mga paraan para sa kapakanan at ikauunlad ng mga Pilipino. We sincerely admire you Sir !
Like · Reply · Message · 1w 1

**Eva Dumlao-Castro Jambre** Tama yan dapat mga politian ganyan ang interest pagpapalago ng pilipinas d pansariling kapakanan
Like · Reply · Message · 1w 1

### RICE TARIFFICATION BILL (SENATE BILL NO. 1998)

**Nita Angelo Manuel** Salamat po sen win gatchalian.ang inisip po ninyo un ikabubuti ng bansa hnd katulad ng iba sen.wlang mga inisip pati pag palit ng lyrics s lupang hinirang pinakialaman.
Like · Reply · Message · 1w 3

**Win Ź. Cruz** Tama po yan senador win.
Masyadong mabigat n po tlga ang presyo ng bigas sa ngaun kya yan po ang dapat unahing bigyang solusyon ng ating gobyerno. Lalo po naghihirap ang mga taong mahihirap dahil sa taas ng mga bilihin.
Like · Reply · Message · 1w 4

### PAGDAGDAG NG BUDGET PARA SA AFP RESERVE FORCE

**Louie Torres** Reserve forces are needed in times of war and they are also being trained as support group in case of calamities.kailangan talaga ang mga ganyan panukala at magandang hangarin nyo dahil itoy para sa ating bayan..
Like · Reply · See Translation · Message · 4d 4

**Mac Alarcon** Dapat po talaga ma bigyan kaukulan pansin kahit ngapo allowance wala po dapat mabigyan sila sila po yong tinatawag na bayaning buhay kasi kahit wala po silang sahod tumutolong sila sa gobyerno natin.
Like · Reply · See Translation · Message · 5d 3

### PROOF-OF-PARKING SPACE ACT (SENATE BILL NO. 201)

**Hong Chua** I agree and supporting Proof of Parking space act.
Its time for Fellow to be responsible with their own car
Dahil ang sidewalk... Bangketa ay hindi personal parking nyo...
E pano kung magkaron ng emergency magkaron ng sunog yung mga kabaro kong volunteer fire fighter hindi makagalaw dahil sobrang kitid ng daanan tapos , sa sobrang liit ng ng espasyo ng daanan...
Imbes mapapabilis ang pag responde... Nagiging mabagal ang pag responde namin sa sunog...
Imbes na makakuha kami ng maganda pwesto para ma fire out yung bahay or establishment...
Lalo kumakalat ang apoy...

Wag naman sana dumating sa punto na kayo masunugan dahil sa katigasan ng ulo at ayaw makipag cooperate kaya late dumating yung mga bumbero.

Heto another scenario what if theirs an ambulance ng dahil sa may naka parada sa bangketa hindi makapag giveway ang sasakyan nasa unahan kc walang space na pwede yi move yung car.
E pano kung kamag anak mo ang nasa ambulance...
Imbes na malaki ang tsansa nya mabuhay...
Lumalala kc walang sapat na medical apparatus sa ambulance dahil sa Ospital lang talaga may ganun kalaking medical equipment.
Imbes mabuhay yung patient pwedeng lumalala yung situation nya or pwedeng mag Dead on arrival yung pasyente.

Sa huli tayo rin naman ang mag bebenepisyo sa pagbabago nato.

Buksan natin ang kaisipan at wag maging makasarili.

#TuloyTuloyAngAsenso #PusongPinoy
Like · Reply · Message · 3w 56

### PAGPAPAGAWA NG MGA ESKUWELAHANG TINAMAAN NG BAGYONG OMPONG

**Granny Goo** Tama kayo Senator Win na dapat ang pagkumponi ng mga nasirang silid aralan ang priority ng DepEd dahil ang ating mga mag-aaral ang kinabukasan/pag-unlad ng ating bansang Pilipinas.
Like · Reply · See Translation · Message · 1w 2

### DRILL, DRILL, DRILL/ENERGY SELF-SUFFICIENCY

**Emmanuel Buenaventura** yesss!! yan ang pinaka magandang dpat gwin ng mga nmumuno ng ating bansa, wag nang umasa sa mga tulong ng ibang bansa. dhil magiging problema pa ntin sila pagdating ng araw. congrats sen. win sa inyong magandang panukala.
Like · Reply · Message · 6d 8

**Binggoy Asprec Panlican** Ganyan sana lahat ng senasir sito sa bansa natin less talk pero nagtatrabaho. Bagay na bagay ang pangalan Win na Win.
Like · Reply · Message · 6d 5

### PROTEKTAHAN ANG MENTAL NA KALUSUGAN NG MGA GURO

**Noslen Damian** Tama ka po senador win. Nasa bahay na dapat anak ang asikasuhin tapos gagawa pa lesson plan tapos mababa lang sahod mahirap talaga maging guro. Dapat doble sahod kaysa sa mga pnp at mayor squad emporcer sarap ng buhay sumasahod na pati ayaw mag lubay pa sa mga kakokotong. Kawawa naman bayan. Ang ibang mayor ayaw bantayan mga politucal aponties sayang ang pinapadahod sa iba ng gobyerno. Doble kita. Dapat wala ng panicket para walang cotong igaya nalang sa ibang bansa ang violator picture may tme and year. Para none vontact sigurado hindi maka pangotong ang mga tauhan ng mayor. At ibang tiwaling pnp at mmda. Hiling po salamat our senador..

### PAGLALAGAY NG SOFTWARE CODING SA BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Coding4Kids**
September 20 at 4:45 PM ·

Finally, we have and ally in the government who also believes that the Filipino child shouldn't get left behind. 👉💻🔝🏆

"In order to produce digital-savvy graduates who will be equipped with the skills necessary to succeed in the modern world, we must start training our students in coding and other computer skills at an early age." - Senator Win Gatchalian

#coding #coding4kids #codingforkids #robotics #kiddierobotics #playandlearn #workshops #makati #bgc #mandaluyong

Ang **BALITANGWIN** ay inilalathala ng **Tanggapan ni Senator Win Gatchalian** na matatagpuan sa Senate of the Philippines, Rm. 512, GSIS Building, J.W. Diokno Blvd., Pasay City, 1300, Philippines.
**Media Affairs and Communications Unit:** Ahna Khristina F. Mejia | Mark Lester S. Cayabyab | Christine Allaine B. Dumaplin | Justine Leigh D. Castañeda | Javee A. Algenio

**Office of Senator Win Gatchalian**
(02) 551 9223
**Email: email@wingatchalian.com**

**Media Affairs and Communications**
(02) 865 1938
**Administration and Finance**
(02) 552 6601 loc. 8571

**Legislative Affairs**
(02) 835 9316
**Political Affairs and Constituent Services**
(02) 551 9397 | (02) 552 6601 loc. 8622

**WIN Action Center**
(02) 352 0549